# Pagpasok sa negosyo, giit ni Mayor Joy B sa mga solo parent

Hinimok ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang mga kababaihan sa lungsod partikular ang mga solo parent na pumasok sa negosyo para may dagdag pagkakakitaan ang kanilang mga pamilya.

Ito ay sinabi ni Belmonte nang ilunsad nito at ng Embassy ng New Zealand sa tulong ng Samahan ng mga Pilipina para sa Reporma at Kaunlaran( Spark) ang Aspiring Women Entrepreneur Bootcamp (AWEB) na eengganyo sa mga kababaihan na maging isang negosyante.

Sa ilalim ng AWEB project, bibigyan ng kaalaman ang mga kababaihan lalo na ang mga solo parents na pumasok sa negosyo tulad ng pagkakaloob ng financial literacy lectures gayundin ng workshops kung paano magtayo ng negosyo.

Ang programa ang maglalaan ng micro business capitalization para sa lahat ng benepisyaryo ng proyekto.

Isang Leah Castor, may anim na anak ang isa sa nabenepisyuhan ng programa at nabigyan ng puhunan para magkaroon ng sariling negosyo kaya't mariin ang pasasalamat nito kay Mayor Belmonte at Spark sa tulong na naipagkaloob sa kanya ng programa. *(Angie dela Cruz)*